Si Walter Durranty, ang beternong manunulat ng pahayagang "New York Times" sa Moscow, Unyong Sobyet, ang nagpalagay na si Stalin ay siyang pinakamagiting sa lahat ng mga estadista sa sangdaigdig. Ang kanyang pasyang ito ay doon nababatay sa pambihirang pagkakaunlad ng isang kabuhayang sosyalista na naitayo sa Unyong Sobyet sa pamamatuogot ng di matutularang lider na ito ng mga anak-pawis, na ang buhay ay isang aklat na napaka-romantiko sa lahat ng mga lider ng himagsikan sa Rusya. Maaaring mayroong ilan, lalo na ang kalaban ng Unyong Sobyet, ang hindi sasangayon sa pasyang ito ni Walter Durranty, nguni't hindi maitatakwil na ang pangalan ni Stalin ay siyang pangunahin ngayon sa kilusang sosyalista sa buong mundo, at sunod sa kay Lenin ay siyang pinakadakilang lider ng himagsikang sosyal ng Rusya.

Si Stalin ay ipinanganak ng taong 1879 sa lalawigan ng Georgia, Rusya. Ang kanyang mga magulang ay galing sa mga magbubukid, kahit na ang ama niya ay naging manggagawa sa isang pabrika ng mga sapatos, na namatay ng si Stalin ay sampung taong lamang. Ang tunay na apellido ng kanilang pamilya ay Dzhugashvili. Nagkaroon sila ng apat na anak, ngunit si Stalin lamang ang nabuhay, at ito ng maliit ay masasaktin pa at dahil sa bulutong ay nagparumi pa ito sa kanyang mukha.

Ang mga magulang niya ay mga mahirap, at madalas ay kulang sila sa pagkain. Ang mga paghihirap na ito ay hindi naging balakid kay Stalin para manguna sa kanyang mga pagaaral, at sapagka't ang kanyang Ina ay isang banal siya ay lagi ng nananalangin na si Stalin ay maging pari at sa isang habito ay makapagsilbi sa kanyang bayan.

Ng maiwan ang pamilya ng kanilang ama, sila ay lalong nagkahirap-hirap. Ang kanyang Ina hanggang hating gabi ay makikitang nananahi para humanap ng kanilang ikabubuhay at makaimpok ng kamuntik para si Stalin ay makapagaral sa pagpapari, ngunit si Stalin naman na hilig sa pagbabasa ng kung ano-anong mga babasahin ay doon nahilig sa politika at bata pa ay nakuhang mapasama sa isang lihim na samahang pambayan.

Pagkatapos niya ng "high school" sa kanilang lugal, siya ay ipinasok sa isang seminaryo sa Tiflis. Ng mga panahong yaon, ang lugal na ito ay isang tinggallan ng mga simulaing mapanghimagsik, nasyonalista at Marxista, at hindi natagalan si Stalin ay siyang naging Lider ng mga Marxista doon. Nakikipagunawaan sa Pangkating Sosyal Demokrata noon ng ciudad, siya ay nagkakat ng mga babasahing mapanghimagsik, at dumalo sa mga miting ng mga manggagawa ng perokaril. Ng 1898, ang mga alagad ng ba-

tas ay hinalughog ang kanyang tirahan, nakakita dito ng isang aklat ni Marx, at kapagdaka ay pinalayas siya sa ciudad na iyon. Ang bagay na ito ay labis na dinamdam ng kanyang Ina sapagka't may sospecha na si Stalin ay nagbabasa ng mga malalayang pahayagan. Gayon pa man ang kanyang Ina ay naniniwala na si Stalin ay hindi kalaban ng Tsar, at ng si Stalin ay dakpin na lamang sa Baký at paliwanagan siya ng mga kasama ni Stalin ay natanto niya ng ganap ang buhay na mapanghimagsik ng kanyang bunso. Ng 1905, pagkatapos na ang kanyang anak ay paulit-ulit na dinadakup at ipinipiit ng may kapangyarihan, at sa palagay niya na ang kanyang mga dalangin ay hindi pinakikinggan ng Diyos, ay nawala ang kanyang pagasa sa pagtawag na sa Diyos na ito, sakbibi ng isang paniniwala na ang mga pari ay katulong ng mga Tsar at ipinagkakanulo ang bayan.

Ng si Stalin ay paalisin sa Seminaryo, ang naging pasiya niya sa buhay ay ang paglabang mahigpit sa Tsar at ang pagbabagsak sa kapangyarihan niya, at pagkatapos na suriin ang lahat ng mga lapiang pambayan sa kanyang bansa ay ipinasyang sumapi sa Pangkating Demokrata-Sosyal.

Ang matatandang manghihimagsik sa Tiflis ay nagkakasiya sa mga lihim na pagpapalaganap laban sa kagustuhan ng kabataan. Si Stalin ay nakipanig sa kabataan, mga *(Nasa pakina 2 ang karugtong)*

# ANG SOSYALISMO AT ANG MITHIIN NG INTERNASYONALISMO

*Paliwanag ng Patnugot: Ang sumusunod na artikulo ay isang panayam na binigkas ng isa sa mga Patnugot ng Sosyalismo Ngayon sa pulong ng kapisanang may pamagat na "Ningas Kugon," isang malusog at malaking samahan ng mga mamamayan sa Sta. Mesa at kalapit lugal ng Maynila. Ang mga nakinig sa panayam na nasabi ay lubhang nasiyahan sa linalaman nito, at marami ang humiling na ipalathala ang artikulo, at sapagkat ang paksa naman ay tiyak na hinggil sa Sosyalismo; ay minarapat ng Patnugutan na bigyan ang artikulo ng pitak sa "Sosyalismo Ngayon."*

## Mga Giliw na Kasama:

Ang paksa ng INTERNASYONALISMO ay sadyang napakatayog, at sa isang isipang malululain na gaya ng inyong lingkod, ay labis ang kanyang pangamba na hindi niya maliming mabuti ang kalawakan nito. Hindi kakamuntik na sandali ang kanyang nagamit sa pagiisip na palitan ang paksang ito, ngunit sa tuwing maiisip niya na ang pansin ng kanyang mga kasama ay dito na napakako, siya ay napilitang magtiyaga sa pagtitipon ng mga watak-watak niyang kaalaman sa bagay na ito.

Ang Internasyonalismo ngayon ay hindi na isang pangarap ng mga taong laging magiliwin sa pagsulong at sa pagkakapatiran ng tanang sangkatauhan, sapagkat hindi matututulan na ang Nasyonalismo ay nakalagpas na sa kanyang katanghalian. Hindi maikakait na ang Internasyonalismo ay na sa bahay-bata na ng pamumuhay na ito, at pagdating ng kanyang kabuwanan o takdang araw ng kanyang pagsilang, walang salang ito ay hindi maluluwal sa sangmaliwanag. Sinabi ko na ang Internasyonalismo ay na sa bahay-bata na ng nasyonalismo na namamayani sa kasalukuyan sapagkat ang mga tala at uri ng panahong ito ay maliwanag na nagpapahayag ng kanyang paglililihi at pagdaramdam. Akin munang babanggitin ang mga silahis ng panahon na nagbabadha ng kanyang pagdating, bago ko tukuyin ang mga kilusang nagsasabalikat para maging isang katotohanan sa mundong ito ang Internasyonalismo.

Ng matapos ang digmaang pangdaigdig, dahil sa salanta at pangamba na inabot ng buong sangkatauhan, ang lahat halos ay umaasa na ang digmaang yaon ay isang digmaan na hindi lamang magbibigay ng ganap na kalayaan sa lahat

ng lahi at sa lahat ng tao, kungdi isang panghuling digmaan na tatapos at magwawakas sa lahat ng pagpupuksaan ng mga tao. Dahil sa kalagayan ni Woodrow Wilson ng matapos ang digmaang yaon, siya ang naging katawan ng mga matatayog na mithing ito, at hindi iilan ang nagpapalagay na siya ay isang Bagong Mesias na magbibigay sa sangkatauhan ng walang katapusang kapayapaan at pangmalagiang pamamayani ng ganap na kalayaan at katarungan sa mundo. Ngunit sa dagling masulat ang Kasunduan ng Kapayapaan at maitayo ang tinatawag na Samahan o Liga ng mga Bansa na siyang magbibigay ng lunas sa mga sakit na dinaranas ng daigdig, marami sa mga mapagkuro-kuro ang nagkaroon agad ng alinlangan. Ang kasunduan sa kapayapaan at ang liga ng mga bansang natayo ay isang malaking kabiguan. Ang batayan ng kasunduang ito ay hindi ang mga simulain ni Pres. Wilson kungdi ang dating mga pagiimbot at paghihigantihan ng mga bansa. Ang ligang natatag ay anino lamang ng isang samahang pangdaigdig na binalangkas ng kanyang ama, at sa lugal na maging isang kasangkapan ng kapayapaan at katarungan, ang naging uri nito ay hindi malaki ang agwat sa samahan ng mga bansang itinayo ng si Napoleon ay magapi ng kanyang mga kalaban. Gayon pa man, hindi natin dapat na ipanglungkot ang mga ganitong pagkabigo sapagkat kung ito man ay malaki ang pagkukulang sa pangangailangan, ang balangkas na natayo ay malaki ang kabutihang kay sa mga nauna, isang pasulong na hakbangin tungo sa ideal ng internasyonalismo. Na ang mga ganitong pangamba ng mga kaibigan ng internasyonalismo ay nababatay sa matitibay na saligan, ay pinatotohanan ng mga pangyayari. Hindi lamang ang panahon ngayon ay sadyang mapanganib na nagbabadha ng isang digmaan higit ang laki at kapusukan kay sa nagdaang digmaan, kungdi ang katapos na kasaysayan lalo na ng Etiopia at ng Mantsuria ay nagpapahayag ng kasawian at pagkawalang saysay ng liga ng mga bansa.

Isang tiyak na talinghaga ng kabihasan na ang saligan daw ay ang pagkakapatiran at pagmamahalan na iniyaral ng isang dakilang Kristo, ang kasalukuyang tinginan at paguunawaan ng mga bansa. Kung susuriin ay tiyakang makalilito ng pagtiisip, na ang magkakapatid sa dugo, sa balat, sa pananampalataya, sa kabihasan, sa karunungan, at sa lahat halos ng pamumuhay sa mundong ito, na liliapat lamang ng isang hindi naman mali-

naw na guhit ng hanggahan, ang ibayo nito ay iyong kaaway o kung hindi man ay iyong kinapopootan. Anong katwiran mayroon o maipaglalaban ang mga kampon ng nasyonalismo na labas ng hanggahang ito ay matwid o makatarungan ang patayin mo ang iyong kapuwa sa pamamagitan ng isang pagpuksa na hindi lamang isa-isa, kungdi sa pakyawang walang habag at taros, na ginamitan ng mga huling yari ng sandata at kasangkapan sa digmaan? Ang isa pang kahidwaan nito, ang mga yuta-yutang kawal na nagpupuksaan ay ginagawa ito ng hindi nalilinan ang bagay ng sigalot, at sa udyok lamang ng ilang mga pinuno na siyang nakatatalos ng tunay na kadahilanan ng paglalabanan. Mayroon pa bang naniniwala na ang nagdaang digmaan ay para palayain ang mga bansang malilit o upang ang demokrasya ay mamayaning payapa sa mundong ito? At ang lalo pang nakatatawa, ang dalawang panig na naglulusuban ay kapuwa tumatawag sa iisang Bathala, bumibigkas ng iisang panalangin at hinihingi ang iisang tagumpay, alang-alang din naman sa iisang katarungan. At pagkatapos ng digmaan, sa paniniwalang nalutas na ang kanilang ligalig, ang ginagawa ay ang lalong paghahanda para paibayuhin ang panggahaman sa kapuwa bansa at lahi. Ang pihikang nasyonalismo na walang mabuti at makatarungan kungdi ang akin o ang atin ay isang mana ng sangkatauhan sa isang pamumuhay na buhat sa pagbubukang liwayway ng kasaysayan, o ng barbarismo.

Hindi kalabisan sabihin na sa ating pamumuhay ngayon ay namamayani ang internasyonalismo. Ang mga bansang may mga mararahas at matatayog na uri ng nasyonalismo ay siyang unang masasalanta kung ang pagka nasyonalista nila ay tutularan ng ibang bansa. Ang Hapon na ang pagtangkilik sa sariling kalakal, ugali at angking kabihasan ay hindi mauunahan ay siyang unang mamatay kung ang kanyang mga kalakal ay hindi ipagbibile at bibilhin sa ibang bansa. Ang kalakal ng Alemanya ay pangdaigdig rin ang uri at ang Italya na isa pang bansang pinagbaharian ng marahas na pagibig sa sarile ay hindi nangiming balaan ang mundo ng isang digmaan kung siya ay hindi pagbibilhan ng mga pangunahing kagamitan sa pamumuhay, gaya baga ng langis, bakal, karbon at iba pa, sapagkat siya ay tiyakang pulubi sa mga kagamtang iyan.

(Nasa pahina 24 ang karugtong)

# Ang Mga Bagong Karapatan Ng Mamamayan Sa Unyong Sobyet

Sa pangkat ng Ingles ng Sosyalismo Ngayon ay inilalathala namin ang panukalang Saligang Batas ng Unyong Sobyet. Ang batas na ito hangga ngayon ay balak pa lamang sapagka't ito ay pagpapasyahan pa ng isang Pangkalahatang Kongreso ng mga Sobyet ng buong bansa na magtitipon sa ika 25 ng Nobiyembre ng taong ito. Malaki ang aming pagasa na ito ay pagtitibayin ng nasabing Kongreso, sapagka't ang nilalaman ng nasabing Saligang Batas ay pagbibigay bisa lamang sa mga tagumpay ng mga Katayuang Sosyalista na naisagawa sa Unyong Sobyet buhat ng himagsikang ng Nobiyembre, 1917. Sa kasalukuyan, hindi lamang buong bansa ng Unyong Sobyet, na nagtitipon sa lahat ng kanilang mga lugal na tipunan, gaya ng mga pabrika, talyer, bukid ng bayan, pagsasakang samahan (farm collectives), mga eskuelahan at iba pang pagawaan at mga institusyon, kungdi halos sa buong mundo na, ang saligan batas na ito ay pinaguusapan ngayon dahil sa malaking pagkagiliw ng mga anak-pawis sa kasalukuyang kabuhayang itinatatag sa Unyong Sobyet.

Ang lahat ng mga pahayagan ay naglalathala ng mga balita hinggil sa Saligang Batas na ito na nagpapakilala ng malaking interes sa sangdaigdig sa pinaka maunlad (progressive) sa lahat ng saligang batas na umiiral. At gaya ng dapat na asahan, ang paghahayag na ito ay naging isang bagong butas na naman para sa mga kalaban ng Unyong Sobyet, para awiting muli ang dati nilang kantahin na paninirang puri, gaya baga na doon ay walang kalayaan ang mga mamamayan, lalo na sa pananampalataya. Mayroon din silang dating tugtugin na lahat ng bagong hakbangin na isinasagawa sa Rusya ay panunumbalik sa Kapitalismo, at kung ano ano pa na mahirap ulitin dito, at ang bagong konstitusyong ito, sa kanilang pakahulugan ay isang pabalik na naman sa pamumuhay ng mga kapitalista.

Ang pahayagang ito, na siyang unang nakatatalos ng kanyang kaliitan at kahirapan, ay hindi mapaunlakan na sagutin ang lahat ng mga ganitong upasala. Bilang katugunan dito, ang aming gagawin na lamang ay ilathala ang nasabing Saligang Batas, at walang mabuting katibayan at kasagutan sa ganyang mga kasinungalingan higit ha Batas na ito, sapagka't iyon ngayon ang pinagbabuhatan ng mga upasala.

Ang saligang batas na ito ay napagti-bay na ng Presidium ng Lupong Panggi-

na at Tagapagpaganap ng Unyong Sobyet, at may pagasa na ang batas na ito ay iiral sa papasok na taon sa malawak na lupain ng Unyong Sobyet na umaabot sa ikaanim na bahagi ng buong sangdaigdig. Ang artikulong ito ay isang maikling lathala sa mga bagong karapatan ng mga mamamayan sa Unyong Sobyet, mga karapatan na doon lamang makikita at matatamo sa isang pamahalaang ganap na sosyalista at pinamamayanihan ng mga manggagawa at magbubukid.

Ang kauna-unahang artikulo ng Saligang Batas ay naghahayag na ang Unyong Sobyet ay isang bansang sosyalista ng mga manggagawa at mga magbubukid, na naitayo naman (sangayon sa ika-lawang artikulo) sa pamamagitan ng kanilang diktadura. Ang lahat ng kapangyarihan sa Unyong Sobyet (sangayon sa ikatlong artikulo) ay nasa sa kamay ng lahat ng mga anak-pawis ng mga siudad at mga nayon, sa pamamagitan ng kanilang mga halal na sobyet o lupon. Ang saligan naman ng Unyong Sobyet sa kabuhayan ay isang sistemang sosyalista ng pamumuhay, isang pagsasabansa ng lahat ng mga kasangkapan at kagamitan ng produksion, na naitayo sa pamamagitan ng pagwawasak sa sistemang kapitalista, ang pagaalis sa pagaaring pangsarile ng mga kasangkapan at kagamitan ito sa pamumuhay, at ang pagputol sa pagsasamantala ng tao sa kanyang kapuwa. Ang lahat ng lupa, ang kayamanan nito, tubig, kagubatan, mga pabrika, mina, perokaril, mga sasakyan sa tubig at sa hangin, mga bangko, at lahat ng mga sasakyan at pahatiran, malalaking sakahan na itinayo ng bansa, at ang mga tirahan sa siudad at mga bayan na kinatatayuan ng industriya, ay pagaari ng bansa, sa isang salita ay pagaari ng boong bayan.

Iyan ang mga saligan sa kabuhayan at sa pangkapisanan ng bagong pamahalaan sa Unyong Sobyet. Iyan ang mga matitibay na muog ng kanilang pamumuhay, bunga ng isang himagsikang walang kaparis sa kasaysayan ng buong sangdaigdig. At buhat ng himagsikang iyan ng 1917, sa ilalim ng isang pangbihirang pakikitunggali laban sa lahat ng uri ng kaaway, na likha ng tao at ng katalagahan, ang malakas na pagunlad ng kanilang mga katayuang sosyalista ay isang tagumpay na kagulat-gulat, at naitayo sa ibabaw ng pananalat ng mundo ng kapitalista. At ang bagong saligan batas na iyan ay isang talaan ng kanilang mga tagumpay sa larangan ng kanilang bagong kabuha-

yan.

Ang mga karapatan ng mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay doon lamang matatagpuan sa isang bansang sosyalista. Ang mga karapatang iyan ay pambihira sa alin pa mang listahan ng mga saligang batas. Isa-isahin natin ang mga saligang batas na batay sa pamumuhay na kapitalista at tayo ay walang makikitang mga kagaya nito. Ang mga kilatis at uri nito ay pang unyong-sobyet lamang, isang angking tatak ng sosyalismong natatayo sa bansang yaon, na ang saligan ng kabuhayan at ng pamahalaan ay gaya ng mga nabanggit sa itaas, isang kapisanan ng tao na walang uri-uri, walang pagsasamantala ng tao sa kanyang kapuwa, na ang industriya at ang pagkakatatag ng mga nayayari nito ay para sa kagamitan ng lahat at hindi sa kapakinabangan ng iilan, sa pamamagitan ng isang maayos at siyentipikong balak taon-taon.

Ang pinakamahalagang karapatan ng tao sa Unyong Sobyet ay mababasa sa artikulo 118 ng Saligang Batas. Mula natin ang mga karapatang ito sangayon sa nasabing Saligang Batas.

Art. 118. Ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatan sa paggawa—isang karapatan na tumanggap ng isang tiyak na gawain na may kabayaran sangayon sa dami at uri ng nagagawa.

Ang karapatang ito sa paggawa ay inilalaan ng isang katayuang sosyalista ng pamumuhay ng bansa, ang patuloy na pagunlad ng mga lakas ng produksion ng mga samahang sobyet, ang kawalan ng krisis o pananalat, at-ang pagalis ng desempleo o walang hanap-buhay.

Art. 119: Ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatan na mamahinga. Ang karapatang ito ay nailalalaan dahil sa pagpapaiksi ng araw ng paggawa sa pitong oras para sa karamihan ng mga manggagawa, ang pagbibigay ng mga bakasyong taunan na may sahod at isang paglalaan ng maraming sanatoria, mga pahingahang bahay at mga klub para kumandili sa mga manggagawa.

Art. 120: Ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatan sa kapanatagan sa kabuhayan, hindi lamang sa kanyang katandaan kungdi gayon din sa pagkakasakit at pagkawala ng kaka-yahan sa paggawa. Ang karapatang ito ay nailalalaan sa isang malawak na pagpapalrat ng mga seguro sosyal ng mga manggagawa na nasa pananagutan ng

(Nasa pahina 25 ang karugtong)

# Nakita Ko Ang Pagunlad Ng Sosyalismo

*Sinulat ni META BERGER*

## *Panang Salita*

Ako ay napatungo sa Rusya na kimkim ang pagkamuhi sa dikta-dura at sakbibi naman ang pagka-giliw sa demokrasya. Ako'y napatungo na taglay ang gunita ng pagkakabilanggo ng mga kasama ng aking asawa, gaya rin naman ng pagkakausig sa kanya. Napatungo ako ng tigib ng kasiyahan sa karang-yaan ng kabihasan ng bayang Amerika—mga paliguan, masasarap na pagkain, malinis na tubig, kaakit-akit na mga tahanan. Napatungo ako sa Rusya na sadyang nananalig sa kapayapaan, sa pagsasalong ng mga sandata, na nasisindak at namumuhi sa patayan, gaya ng mga taong nagdanas ng pahirap dahil sa pagsalungat laban diyan ng panahon ng digmaan.

Ng ako ay mauwing galing sa Rusya ay nag-ibayo pa ang aking pag-ayaw sa pagtitigis ng dugo, pang-aapi at digmaan; nagibayo rin ang aking pagkagiliw sa magang na kabuhayan at sa kalinisan. Subali't ako ay umuwing taglay ang buong pitagan at paghanga sa paraan ng mga Ruso at sakbibi ang buong pagmamahal at pag-aalang-alang sa sangbayanang Ruso.

Nananalig akong naituro ng Rusya sa sangkatauhan ang paraan ng kaligtasan. Malaking di hamak ang kanilang isinukli sa kanilang mga nagawa at pag-asa. Nagtiis sila ng gutom, ng pahirap, ng kamatayan. Nguni't nakamit nila ang isang tagumpay na karpapatdapat hangaan ng mga ibang bansa. Nailigtas ng mga Ruso ang kabihasan para sa kanilang mga inanak.

Marami akong mga kapanalig sa Amerika na naniniwalang nabili ng mga Ruso ang kanilang kaligtasan ng di matutumbasang halaga. Ayokong magsabi na mayroon akong nalalamang daang lalong madali at magang na tungo sa kanilang pa-

mumuhay na tulongtulong. Ako'y nanalig'ng buong puso na ang himagsikan ay hindi siyang paraan lamang upang matamo ang kapayapaan, ang kaginhawahan at buhay ng mga manggagawa. Nguni't ako'y napipi sa aking namalas sa Rusya—manapa ay naisip ko na iyon ay hindi mabuti at malayong matapos.

Sa wari ko'y ang isang lalong mabuting paraan upang mapagpasiyahan ang kahalagahan ng isang pagsubok sa pamamaraang bayan (ipagpatawad ang pagkakagamit ko ng salitang "pagsubok"—labis ang kahigitan niya diyan) ay ipareho siya sa ibang pamamaraan. Ipareho ang Rusya ngayon sa Rusya ng bago dumating ang himagsikan. Ipareho ang Rusya ngayon sa Europa at Amerika ngayon. Ipareho ang magiging huling araw ng Rusya sa magiging huling araw ng ibang bansa ng sangdaigdig.

Gawin ang pagpapareho ng walang pakundangan. Huwag ng isalang-alang na sa 160 angaw na Ruso ay mahigit sa 100 angaw ay hindi mga marunong sumulat at ang karamihan nito ay namumuhi ng buhay-gubat bago dumating ang himagsikan. Huwag ng isalang-alang na ang Rusya ng panahon ng mga Tsar ay kakaibangkakaiba sa Amerika ng panahon ni Woodrow Wilson, gaya ng pagkakaiba ng kariton sa tren. At matapos na iyong magawa ang matamang pagsuri, ay iyong makikita na yaong mga tao na ng kamakaylan lamang ay mga mulala, mapamanhiin, walang mga gusali at kasangkapan, walang mga kalzada, ni paaralan, ni mga libro, ay tinitingala ngayong isang bayang mabihasa na may magandang araw sa kinabukasan.

## *Sukatan ng kabuhayan.*

Ang sukatan ng kabuhayan ng lahat na mamamayang Ruso ay mababa sa sukatan ng kabuhayan

ng manggagawang Amerikano. Nguni't taon-taon ay tumataas, Ang sukatan ng kabuhayan ng manggagawang Amerikano ay bumababa naman taon-taon. Sa Rusya ay makapupong igi ngayon kay-sa ng bago sumapit ang himagsikan. Ang mga ganahan ay pataas ng pataas. Hindi matingat ang bilis ng pagtatayo ng mga tahanan. Maging sa labas ng bayan, ang mga kubong tahanan ay pinapalitan sa isang bilis na maaaring gawin ng tig-dadalawang kamay ng 160 angaw na mga Ruso, gaya rin naman ng pagtatatag ng mga pabrika, makinarya, gusaling panglikha ng ilaw elektrika, mga bahay paaralan, bahay-pagamutan, mga aklatan, kalsada at ng di mabilang na mga pagawaang pangbuhay sa Uryong Sobyet.

Maliban pa sa pangkaraniwang mga pagkain na ikinabubuhay ng mga Ruso, sila ay lumalapas na rin ng ilang karang-yaan sa kagamitan sa kabuhayan—gaya halimbawa ng maiiging damit, mabubuting tahanan, pagpapahingalay na may sahod, mahuhusay na pagkain. Para sa marami sa kanila, ang mga ito ay bagong karanasan. At tangi pa sa mga bagay na ito, sila ay mayroon ding laganap na dinadamang katatagan sa kabuhayan; sila ay hindi nangangambang magkasakit, tumanda o mawalan ng hanapbuhay; sila ay ginagamot at pinatitira sa mga ospital ng walang bayad, at pinepensyonan kung dumaring sa edad na di na makapagtrabaho. Ito ay mga-biyayang karapatan na di maaaring ipagkait (inalienable rights) sa kangino pa mang Ruso.

## *Itinatatag na mga gusali.*

Sa Leningrad lamang ay mayroong 45 mga bahay-paaralan na itinatayo. Naglalakihang mga parke, isang estadyum na mapanonoo-ran ng 100,000 katao, mga balongpalanguyan, mga bahay-liwaliwang walang kasing-ganda ang pagkakayari at mga kagamitan ang ngayo'y pinagsusumakitang mayari agad. Mga bahay-tahanan ng mga manggagawa, mga teatro, museo, biblioteka, paaralan, ay binabalak na itayo ng buong dingal at



lakas ng loob na sa Europa at Amerika ay sadyang itinataan lamang para gawin ng mga taong partikular. Ang pagkilos, pagyayari, ang buhay, ay patuloy gabi't araw. Ang mga pabrika ay tumatakbo ng walang patid. Ang mga manggagawa ay nagsisipagtrabaho ng halinhinan tuwing pito o walong oras. Ang mga daan ay puno ng mga taong naglisaw, maging gabi at katanghalian; ang hangin ay nagsisikip sa pag-unlad. Ang pagtatayo ng bagong kabuhayan ay patuloy na iyong mamamalas. Araw-araw, mga bagong bagay ay nalilikha, mga bagong bagay ay sinisimulan. At lahat ng mga ito ay sa kapakinabangan ng lahat at hindi ng iilan.

#### Paaralan.

Sa larangan naman ng pagpa-paaral at karunungan, ang mga nagawa ng mga komunistang Ruso ay lalong katakataka. Ang di karunungan sumulat ay ganap na nabigyang hangga. Ang pagpa-paaral sa kabataan ay walang bayad at sapilitan. Ang bagay na ito ay sadyang pinalalaganap. Ang bawa't pabrika ay sinasangkapan ng mga kuwartong sadyang ginagamit nung mga manggagawang nais na matutuo at at makapagaral. Pinasasahod ng buo yaong mga manggagawa sa pabrika na naggugugol ng panahon sa pag-aaral sa mga kolehyo tekniko. Ang mga doktor at siruhano ay sapilitang pinababalik sa kani-kanyang paaralan tuwing ikatlong taon, upang ang kanilang kaalaman ay di mahuli sa mga bagong tuklas na paraan ng panggagamot. Ang pagaaral ay isang bagay na patuloy at di maikakaila. Mawiwikang ang buong Rusya ay nagaaral. Wala isa man na nakatapos. Napakarami ang matutuhan, napakarami ang pinag-aaralan. Nagsisimula sa mga batang mura pa ang isip. Nakita ko ang napakaraming paaralan para sa mga batang mura pa ang isip (nursery schools) na kasing-husay ng mga nursery schools na natatatag sa Amerika. Nakararami ang Rusya sa mga paaralang ito kay sa Amerika. Ipi-

*Nasa pahina 26 ang karugtong)*

## Ang Kalayaan Ng Pananampalataya Sa Unyong Sobyet

Buhat ng lumabas ang pahayagang ito, ang maraming alinlangang nasasambit hinggil sa kalayaan sa Unyong Sobyet ay ang natutungkol sa pananampalataya. Sa palagay ng marami, ang Unyong Sobyet ay isang bansang walang Diyos, na pinamamahalaan di umano ng isang hindi matututulang lakas ng isang lapian ng mga komunista na walang relihion. Sa paniniwala ng marami, sa Rusya ngayon ay walang nabubukas na simbahan sapagka't ito ay sinamsam na lahat ng pamahalaan. At ng magpahayag ang panukalang konstitusyon ng Rusya na ngayon doon ay magbibigay ng malayang pananampalataya sa mga mamamayan ay para nga namang pinatotohanan na sa ngayon o bago umiral ang bagong saligang batas na ito ay walang kalayaan ng pananampalataya sa Rusya. Ito ay aming paguukulan ngayon ng pansin.

Ang unang susuriin natin ay ang nilalaman ng kanilang saligang batas sa bagay na ito. Sa isang artikulo sa pahayagang ito, ay nababangit ang Art. 124 ng bagong konstitusyon ng Unyong Sobyet tungkol sa kalayaan ng pananampalataya. Nguni't ang tuntunin bang ito ay bago, at ngayon lamang iiral sa Unyong Sobyet, kung knya't hanggang hindi ito umiiral ay walang kalayaan ang pananampalataya sa bansang ito? Ang ginawang lathala ng mga pahayagan na parang lumilitaw na sa pagiral lamang ng bagong saligang batas ay doon magkakaroon ng kalayaan sa relihion ay lihis sa mga tunay na kalagayan. Ang katotohanan, ang tuntunin 124 ng balak na Saligang Batas ay hango lamang sa tuntunin 133 ng Kapitulo V ng matandang Saligang Batas ng Unyong Sobyet na pinagtibay ng isang Pangkalahatang Kongreso ng mga Sobyet noon pang Julio, 1918. Ang tuntuning ito, para gawin natin ang paghahambing sa panukalang saligang batas ay nagsasaad ng sumusunod:

"Para mabigyan ang mga manggagawa ng isang wagas at ganap na kalayaan ng budhi, ang simbahan ay inihihawalay sa pamahalaan, ang mga paaralan, sa simbahan, at ang kalayaan ng mga propagarida para sa relihion at laban sa relihion ay ganap na ipinagkakaloob sa bawa't mamamayan." (Art. 13, Saligang Batas na pinagtibay noong Julio 10, 1918).

Gaya ng makikita sa itaas, kung ang tuntuning ng matandang konstitusyon ay ipaparis sa panukalang saligang batas ang dalawa ay halos walang pagkakaiba.

Ang ganito ring tanong hinggil sa ka-

layaan ng pananampalataya sa Unyong Sobyet ay napagukulan ng sagot sa isang kauring pahayagan sa Amerika. Humigit kumulang ay ganito ang kanilang paliwanag at ulitin namin dito sa kasiyahan ng aming mga mambabasa na may alinlangan sa bagay na ito.

Sa Unyong Sobyet ay may ganap na kalayaan ang bawa't mamamayan sa pananampalataya. Ang simbahan ay ganap na nakahiwalay sa pamahalaan. Ang batas ng Unyong Sobyet ay nagtakda ng pagpapantay-pantay ng lahat ng simbahan at pananampalataya at pinawi ang dating mataas na kalagayan at pagkilala sa opisyal na simbahan ng Tsar, ang Iglesia Catolica Griega, at iniyalis nila ang pakiling na pagtingin laban sa ibang pananampalataya, gaya bago ng Catolico Romano, ng Protestante, ng mga Mahometano, ng mga Hudyo, ng mga Budista at iba pa. Ang mga simbahan ay pinahihintulutan sa malayang pagkilos, nguni't kinakailangan lamang na ang kanilang mga gawain ay natutungkol lamang sa pananampalataya. Ang mga simbahan ay maylayang gumanap ng lahat ng kanilang seremonia at pagsamba ng hayagan, sangayon sa mga patakaran ng kanilang relihion.

Walang pagtatangi-tangi sa kanino man dahil sa pananampalataya kahit sa anong bagay at paraan. Ang mga pananampalataya ay naisasagawa nila ang lahat ng kanilang karapatan sa pagkamamayan at maaaring mahalal o humawak sa ano mang tungkuling pambayan.

Kahit na ang mga paaralan ay ganap na hiwalay sa mga simbahan, ang mga bata ng mga pananampalataya sa ano mang relihion ay hindi itinatangi sa mga eskuelahan ng bayan, unibersidad o ano mang mga bahay para sa pagpapatalino. Walang anomang itinuturo sa mga eskuelahan hinggil sa pananampalataya. Gayon pa man, ang mga magulang ay hindi binabawalan na turuan ang kanilang mga anak sa kanilang tahanan ng kanilang pananampalataya. At ang pagtuturo ng relihion ay pinapayagan para sa kanino mang may mahigit sa 18 taon gulang sa mga paaralang sadyang nagtuturo para sa kailangan ng pananampalatayang kinauukulan.

Ang mga simbahan ay hindi tumatanggap ng ano mang tulong o abuloy sa pamahalaan, nguni't ang relihion ay pinapayagan na gamitin ang mga gusali ng simbahan para sa kanilang kailangan ng walang bayad na alkiler, nguni't may impuestong itinatag ang batas. Walang gusali ng simbahan ang napinid la-

ban sa kagustuhan ng mga mamamayan sa lugal na kinalalagyan ng gusali. Ang alin mang gusali ng simbahan ay maaari lamang iyukol sa ibang kagamitan ng bayan kung ipapasya ng nakaraming boto ng bumubuo ng nayon na kinatitirikan ng gusali, o kung sa lugal na nasabi ay walang pulutong ng mga tao na gustong tumangkilik sa simbahan.

Ang kalayaan ng budhi sa Unyong Sobyet ay iginagawad din doon sa mga malalaya ang kaisipan (free thinkers and atheists) na magpalaganap ng kanilang mga paniniwala. Hindi ikinakaila na sa Unyong Sobyet ay may isang malakas na kilusan ng mga malalayang kaisipang ito, na marami ang kasapi lalo na sa kabataan. Ang mga taong ito ay gumagawa ng isang mabisa at pambihirang kampanya laban sa relihion, isang kampanya sangayon sa siyensiya, at para sa bagay na ito ay nakapagtayo sila ng maraming museo laban sa relihion, mga pahayangan, kasama ang iba pang uri ng pagpapalaganap ng kanilang simulain.

Maaari ring aminin na ang karamihan sa mga namumuno sa Rusya at gayon din ang opinyon publiko ay sangayon sa mga malalayang kaisipan at laban sa mga dating uri ng pananampalataya. Ang mga ito ay naniniwala na ang pagunlad ng kanilang bagong paniniwala ay matatamo sa pamamagitan ng makatuwirang panghihikayat at silang lahat ay mahigpit na nagsisitaliba upang ang lahat ay magkaroon ng ganap na kalayaan sa pananampalataya o budhi.

Na ang ganitong kalayaan sa pananampalataya ay ganap sa Unyong Sobyet ay mahihinuha din natin sa sumusunod na pahayag ni Romain Roland, isa sa mga lalong tanyag na manunulat ng Pransiya (ang may bahay naman ni Roman Rolland ay Ruso sa kanyang Ama at Pranses sa kanyang Ina, at sa Rusia laging naninirahan buhat ng himagsikan) na may naalaman siyang mga matatanda na hindi naghihinto sa pagdalo ng pagsamba sa kanilang simbahan, at maski na kailan ay hindi napapakialaman o napapansin man, lamang ng may kapangyarihan dahil sa kanilang pagdalo. Ang mga ginagawang pagsamba sa loob at labas ng mga gusali ng simbahan ay may pangangalaga ang pamahlaan, at siño mang makikialam sa kanilang ginagawa ay walang salang mapaparusan ng mga maykapangyarihan.

## Bayang Walang Diyos!!

Tula ni PEDRO V. DEL ROSARIO

*Dati ay imperyong ang lupaing sakop pati mamamayan  
Ay aliping lubos at aring sarili ng iisang angkan,  
Doon ang palagay sa mga mahirap ay tila hayop lang,  
Parang kalakaling naipagbibili't naipamimigay,  
Doon ang sabihit anumang utos ng naghaharing Sar  
Ay utos na parang nanggaling sa Diyos na hindi masuway.*

*May busal ang bibig ng uring mahirap at di makakibo,  
Hamak-hamakin man ng uring mayoma'y kimi't nakayuko,  
Nguni, palibhasa'y may wakas ang lahat sa mundong baligho't  
Ang sangkatauhan habang tumatanda'y tungo sa pagtino,  
Sa uring mahirap ay may dalawang pantas at dakilang gurong  
Nagturo ng landas sa mga maliit upang mapaanyo.*

*Sina Marx at Engels ang mga bayaning nag-alis ng takip  
Na nakabalot sa pabalintunang demokrasyang burgés,  
Demokrasyang bulok na sa mga dukha ay lasong mapait,  
Subali at nektar sa mga mayaman na uring malupit;  
Itinuro ni Marx na ang KALIGTASAN ng mga maliit  
Ay nasa kanilang maka-uring hanay na mapanghimagik.*

*Si Nicolas Lenin sa simulaing iya'y siyang nagsagawa,  
Sa Rusya'y binuklod ang mga aliping kawal ng paggawa,  
Siya ang nanguna sa wastong paraan ng pakikidigma  
Upang maibagsak ang pangaalipin na kasumpasumpa;  
At sila'y nagwagi...! Ang palalong uri'y bumagsak na bigla,  
Ang kapangyariha'y nahulog sa kamay ng nasa ibaba.*

*Ang uring alipi'y nang magpakatibay sa pagkakaisa  
Ay nailugpo nga sa Rusya ang uring mapagsamantala,  
Doo'y naitayo ang isang dakila't tanging Republikang  
Uring manggagawa ang namamahala't siyang nagdadala...  
Isang Republika na ang simula'y dakila't maganda:  
Ang isa'y sa lahat at ang lahat naman ay para sa isa.*

*Doon ay linipol ang uring gahaman, sakim at maimbot  
Na sa sambayana'y walang inisip kungdi ang manghuthot,  
Uring mapang-api, mapagbalatkayo at mapangbusabos  
Na salapi lamang ang binabathala't tanging dinidiyos,  
Halimaw na uri na may patakarang mosama at buktot:  
Katwiran ng LAKAS, di ng KATARUNGAN yaong sinusunod.*

*Kaunuanhang bansa palibhasa'y pinagtagumpayan  
Ng aliping uring sa mapangalipi'y natutong manglaban  
Kaya't siya ngayo'y bansang namumukod sa sangkalupaan,  
Sa sangdaigdigang mga manggagawa'y tagapagsanggalang...  
Pag-asa ng lahat ng bayang aliping sa paglaya'y uhaw,  
Sa IMPERYALISMONG salot ng daigdig at lasong pamatay...!*

*At ngayon ang lahat ng kapitalistang bansa sa daigdig  
Ay di naghuhumpay ng pag-iirangan at pagkakagalit,  
Nangaguunahan sa muling paglapang sa mga maliit,  
Mahihinang bayang sa lakas at yaman ay kanilang daig;  
At isiping sila'y may kinikilalang Diyos na mabait  
Na nagpaparusa sa sinomang taong sa kapwa'y malupit...!*

*Datapwa't ang RUSYANG kung tawagin nila'y BAYANG  
WALANG DIYOS*

*Ay KAPAYAPAN sa lahat ang tanging lunggating taos,  
Ang pangaalipin ng tao sa kapwa'y binabakang lubos,  
At tinututulan ang pagdidigmaan na likha ng imboto;  
Nais na ang LUPA'y maging PARAISO na kalugudlugod  
Na siya ring nasa't naging lunggatiin ng Dakilang Hesus...!*

# ANG MANIPESTO KOMUNISTA NG 1848

(Sinulat ni KARL MARX at FRIEDRICH ENGELS)

(Karugtong ng labas ng nakaraan buwan.)

Bawat hakbang sa pagkakasulong ng mga burges ay maykatugong pagkakasulong ito sa pulitika. Isang uring api na napapailaliman ng kapangyarihan ng mga maginoong piyudal, isang sandatahan at malayang lipunan sa loob ng samahan ng Edad Media. (medieval commune), na sa Italya at Alemanya ay nakikilala sa tawag na republikang pangsiyudad (urban republic), sa Pransya naman ay sa tawag na pangatlong uring mangbubuwis (taxable third estate); at pagkatapos, ng umiral naman ang panahon ng mga gawaang pabrika, simula ng mapatatag ang mga bagong industriya modern industry) at pamilihing pang-daigdig (world market), ang mga burges ay nakapagtamo ng sariling kapangyarihan sa mga bagong bansa na ang pamamahala ay nasa sa kamay ng mga kinatawan (modern representative State). Ang mga kapangyarihang nabanggit ay nalupig ng mga burges matapos na sila ay gamiting sagkang laban sa lakas ng mga maginoo ng mga bansang makapiyudal (semi-feudal) o ng mga kahariang di matututulan (absolute monarchies); at sa katunayan, sila ang naging batong tuntungan ng mga dakila at lagapan na mga kaharian. Ang panguluhan ng bagong bansa ay isang lupon lamang na tagapamahala ng mga kapakanan nang lipunang burges.

Sa kasaysayan, ang lipunang burges ay nakaganap ng isang tungkuling lubhang napakamapanghimagsik.

Ang lipunang burges, sa tuwing makapangingibabaw, ay nabibigyang hangga ang lahat ng uri ng pagsasamahan na piyudal, panglipi at pangmagandang asal. Kanyang walang habag na naisagawa ang pagkakalaskas sa iba't ibang uri ng pagpapalagayan na ikinatatali ng tao sa kanyang "likas na panginoon" (natural superiors), at walang itinirang bigkis ng tao sa kanyang kapuwa maliban sa hubad na pagkamahal sa sariling kapakanan, sa magaspang na "pagbabayaran ng kaliwaan" (callous "cash payment"). Naisagawa niyang lunurin sa malamig na tubig ng pag-ibig sa sariling kapakanan ang lalong mataas na kaligayahang likha ng pagkagiliw sa pananampalataya, pagkakaawang-gawa, o nang pagmamahal sa mga imbing mga damdamin. Nabigyan niya ng halaga ang tao ng kahalagahan sa pagpapalitan (exchange value), at sa lugal ng di mabisang hubad, walang pitagan, twiran at natititik, ay naitatag iyang nag-iisa at walang damdaming kalayaan—ang Mala-

yang Pangangalakal (Free Trade). Sa isang salita, sa lugal ng isang pagsasamantalang napipiringan ng pagkabalag sa pananampalataya ay naipalit ang isang hubad, walang pitagan, twiran at walang habag na pagsasamantala.

Ang kalipunang burges ay nagawang hubaran ng pagpipitagan ang lahat ng hanap-buhay na sa pasimula pa ay dinadakila at iginagalang. Nagawa niyang maging manggagawang upahan ang manggagamot, manananggol, ang pari, ang makata at ang taong paham (man of science).

Ang kalipunang burges ay naihiwalay sa magkakasambahay ang paglilingapan, at nakuhang mapalitan ang pagtitinginan ng magkakamag-anak ng isang pagpapalagayang nababatay sa salapi lamang.

Naipakilala ng kalipunang burges kung papaano nangyari na ang walang awang paggamit ng lakas ng Edad Media, na-tutoong kinalugdan ng may mga makalumang isipan, ay nagbunga ng isang walang kawangis na katamaran. Siya ang unaunang nakapagpakilala kung ano ang ibinubunga ng pagsisikap ng tao. Siya ay nakagawa ng mga himalang higit sa mga Piramide ng matandang Ehipto, sa mga patubig ng mga Romano, at mga sambahang gotika; siya ay nakagawa ng mga paglalakbay higit na di hamak sa mga unang paglilipat bayan ng mga tao o nang pakikipaglaban dahil sa Mahal na Kruz (crusades).

Ang kalipunang burges ay hindi maaring mabuhay na di laging babaguhin ang mga kasangkapan ng produksyon, at sa gayo'y ang mga kaugnay ng produksyon at ang buong pagsasamahan ng mga tao. Ang pagpapanatili ng paggamit sa matatandang paraan ng paglikha ng mga kagamitan sa kabilang dako ay, siyang pangunahing batayan ng kabuhayan ng mga naunang uri ng mga industriya. Ang laging pagpapahusay sa mga paraan ng paglikha ng mga kagamitan, ang walang patid na kagambalaan sa pagpapalagayan ng mga tao, at ang palagiang di pagkatiyak at kaligaligan sa pamumuhay ay nagkawad sa panahon ng mga burges ng kaibahan kay sa mga sinundang panahon. Ang lahat na datihan at inaamag na pag-uugali at ang kanilang kaakibat na matatanda at pinagpipitagang mga pamahin at kurokuro ay nangawala; ang tanang mga bagong kilos ay nagiging lipas na di nakuhang magtining. Ang ano mang matigas ay natunaw sa himpapawid, ang bawat ba-

nal na bagay ay nilapastangan, at ang tao, sa huli, ay napilitang harapin ng buong timpang ang kanyang tunay na kalagayan at pakikisama niya sa kanyang kapuwa.

Ang pangangailangan ng laging palaking pamilihan para sa kanyang mga nagagawa ay siyang nagtaboy sa lipunang burges sa lahat ng panig ng sangdaigdig. Siya'y kailangang lumimlim sa lahat ng dako; manatili sa lahat ng dako, at makipagpaniigan sa lahat ng dako.

Ang lipunang burges, sa kanyang pagsasamantala sa pamilihan ng sangdaigdig, ay nabigyan ang paglikha at paggamit ng mga kailangan sa buhay (production and consumption) sa lahat ng bansa ng isang uring pangkalahatan. Sa buong pagkahiya ng may mga hilig sa mga lumang ugali, ay kanyang nakuha sa paanan ng industriya ang mga pangbansang simulaing pinagbabatayan nito. Ang mga datihang natatatag na mga industriya ay kanyang sinira o pinagsusumakitang sirain araw-araw. Ito ay hinahalinhan ng mga bagong industriya, na ang pakikilahok nito ay nagiging buhay at kamatayan sa tanang bansang bihasa, mga industriang hindi na gumagamit ng mga katutubong sangkap, nguni't yaong mga kagamitang nanggagaling sa lalong malalayong panig; mga industriya na ang mga nayayari ay hindi lamang ginagamit sa lugal na kanilang kinaroroonan, kungdi sa buong panig ng sangkatauhan. Sa lugal ng mga datihang pangangailangan, na nasasapatan ng mga pagawaan ng isang bayan, ay ating nasaksihan ang mga bagong pangangailangan na, upang maging kasiya-siya, ay dapat masangkapan ng mga bagay na yari sa malalayong lupalop. Sa lugal ng matatanda at katutubong pagsasarili at pamumuhay na magisa ng isang bansa, ay masasaksihan natin ang paglilipat-bayan sa bawat panig, ang buong lagapan na pagasa ng isang bayan sa kapuwa bayan. At kung papaano na ito ay totoong buong-laman (material production), ay gayon din naman sa bungang-isipan (intellectual production). Ang mga bungang-isipan ng isang bansa ay naging pag-aari ng sangkatauhan. Ang makabansang pagkiling sa sarili at kakitirang isip ay unti-unting napaparam, at sa di mabilang na literatura o panitikan ng bawat bansa ay sumipol ang panitikang pangdaigdig.

Ang kalipunang burges, dahil sa mabilis na pag-unlad ng mga kagamitan sa produksyon, dahil sa mga di maturang kaluwagan sa paglalakbay, ay napaglipit ang lahat, maging ang lalong mailap na mga taong gubat, sa kabihasaan. Ang kamurahan ng mga halaga ng kanyang bilihan ay siyang mabisang sangkap na kanyang ginagamit sa pagtibag ng matibay na muog ng Tsina at nakapagpalubag sa lalong napakatinding pagkagalit sa mga dayuhan ng mga taong di bi-

## JOSE STALIN...

(Karugtong ng pahina 15)

mainit na dugo na ang gusto ay mga lantarang pamamahayag, pagkakalat ng mga babasahing labag sa batas hinggil sa mga pangkasalukuyang suliranin, at si Stalin ay siyang nagwagi pagkatapos ng isang halalan. Ng 1900 hanggang 1902, si Stalin ay pinamatnugutan ang ilang aklasan sa Tiflis, at isang unang araw ng Mayo ay pinaanguluhan ang isang kagulatgulat na pamamahayag ng mga anak-pawis. Pagkatapos ng pamamahayag na ito, ang tanggapan ng partido ay sinalakay ng mga pulis, ang kanyang tirahan ay hinailughog. Buhat noon si Stalin ay nagpalipat-lipat ng tirahan at lagi ng nagpapalit ng pangalan. Siya

hasa. Napilit niya ang lahat ng bansa, sa pasakit na paglipol, na tularan ang pamamaraang burges sa paglikha ng mga kagamitan; napilit niyang ipasok sa kanilang lipunan ang kanyang pinanganganlang kabihasan, at ito nga ay ang maging burges din sila. Sa biglang sabi, ang kalipunang burges ay lumikha ng isang daigdig na huwad sa kaniyang larawan.

Nagawa ng kalipunang burges na ang mga nayon ay sumunod sa pangangasiwa ng mga siyudad. Siya ay nakapagtagtag ng naglalakihang mga siyudad at nasikap niya na lumago ng higit ang mamamayang taga siyudad kaysa taga bukid, at sa gayo'y nailigtas ang maraming tao sa kabuhayan. Kung papaano naisagawa niya na ang mga nayon ay mabuhay sa tulong ng mga siyudad, gayon din ay nasunod niya na ang mga bayang walang kabihasan o ang mayroong kaunting kabihasan ay mabuhay doon sa mga bansang bihasa, gaya rin naman ng pag-asa ng mga uring magbubukid sa uring burges, at ng mga taga Silangan sa mga taga Kanluran.

Ang kalipunang burges ay unti-unting pinawi ang pagkakawatakatak na katayuan ng mga mamamayan, ng mga paraan sa paglikha ng mga kagamitan (production), at nalikom ang pag-aari sa kamay ng ilan. Ang naging kinauwian nito ay ang pagkalagom sa kapangyarihan ng ilang mga tao. Ang malalayang lalawigan o iyong mabubuway ang pagtutulungan, na mayroong sariling kapakanan, batas, pamahalaan, at paraan ng pabuwisan ay napagsamasma sa ilalim ng isang bansa na may sariling pamahalaan, sariling batas, makauring damdamin, isang hangganan at pabuwisan sa lunsuran (customs tariffs).

(ITUTULOY)

ay nakilala sa mga pangalang David, Koba, Nisheradze, Chshekoff, at Ivanovitch, nguni't ang pangalan na namalagi ng huli ay Stalin, na ang kahulugan ay "patalim," at dahil sa kanyang ugali at kasalukuyang kalagayan ay bagay-bagay o angkop sa kanya.

Sumunod, si Stalin ay naging upahang ahitador ng partido, at kapagdaka ay pinalipat siya ng Baku. Pinamatnugutan niya dito ang mga welga ng mga manggagawa sa laing, at isang malaking pamamahayag ng Pebrero ng 1902. Siya ay dinakip ng Marso at piniit hanggang sa katapusan ng taon, para itapon naman siya sa silangan ng Siberia. Sa loob ng isang buwan ay nakatakas siya sa Siberya at bumalik na muli ng Tiflis.

Ng siya ay napipiit sa Baku, dumating sa kaalaman ni Stalin ang pagkakahati ng partido sa dalawang pangkat, ang Bolsheviki at ang Mensheviki, at buhat noon si Stalin ay naging taga-tangkilik ni Lenin. Ng siya ay makatakas, kanyang isinaayos ang partido sa boong Caucasus na tagatangkilik ni Lenin. Kanyang inilathala ang mga pahayagang Bolsheviki na labag sa Batas, na may mga pangalan ng "Ang Pakikilaban ng Mga Anak-pawis" at ang "Manggagawa ng Baku", at sumulat din siya ng maraming mga babasahin. Ng 1905 siya ay dumalo sa pagtitipon ng partido sa Finlandia, at ng 1906 ay pinamatnugutan niya ang pahayagang "Panahon." Ng taon ding ito ay dumalo siya sa kongreso sa Stockholm at isa pa sa Londres. Ng siya ay magbalik buhat sa Londres, ay muling tinipon niya ang mga manggagawa sa Baku.

Ng 1908 siya ay dinakip na muli, dahil sa kanyang pakikialam sa Lupon ng Baku ng himagsikan, at pagkatapos na mapiit ng ilang araw ay muling itinapon siya sa Irkutsk. Ng 1909, si Stalin ay nakuha na namang muling makatakas at bumalik na uli sa Baku. Ginawa na naman niya ang pagtatatag ng mga samahang manggagawa sa bawat pabrika ng la-

ingis sa nasabing siyudad. Napakalakas ang kanyang loob, na kadalasan ay makikita siyang nakikipagusap sa mga manggagawa kahit sino ang mga kaharap, at dahil dito sa loob lamang ng isang taon ay muling napaharap siya sa isang sakdal na kinasuungan niya sa isang mahabang pagkakapiit at muling pagkatapon. Siya ay muling nakatakas at sa pamamagitan ng isang balatkayo ay tumungo ng St. Petersburg. Nguni't wala pang anim na buwan sa siyudad na ito, dahil sa kanyang gawain sa Lupong Panggitna ng Pangkatin, siya ay muling dinakip ng mga pulis ng Tsar doon na hindi siya nakikilala, at siya ay ipinatapong muli sa loob ng tatlong taon lamang, nguni't siya ay muling nakatakas ng 1911.

Ipinalalagay na si Stalin, ay ganap na matalinong gumawa ng paraan o mapalad, sapagka't ang mga pulis ng Tsar ay pinaratanangan lamang siya ng magagaang na sakdal; gaya baga ng mangulo ng isang pamamahayag, mamatnugot sa isang pahayagan, mag-lider ng isang welga, at iba pa. Kahi't na siya ay laging nasasangkot sa gulo, ang kanyang mga kaparusahan ay magagaang. Ng Abril 1912 siya ay muling dinakip at muling itinapon. Ng dumating na Septiembre, siya ay nakatakas muli hanggang sa dumating sa Cracow, Austria, at nakadalo pa sa isang pagtitipon ng pangkatin ni Lenin dito, at sa Lupong Pangitna sa mga manghihimagsik ng Rusya ay nahalal na isa sa mga kagawad ng mga panahong yaon, marami ay nasa ibang bansa at mapanatang na nagaaral. Hindi ganito ang naging buhay ni Stalin. Siya ay laging nasusuong sa mga mahihigpit na labanan. Inilaan niyang lagi ang kanyang buhay sa mga gawain ng kanyang pangkatin na labag sa batas. Ng 1913 siya ay nakilahok sa halalan para sa Ikaapat na Duma, at naging lider ng pangkat ng mga Bolshewiki. Siya rin ang namatnugot sa mga pahayagang ilegal na may pamagat na "Ang Tala" at "Ang Katotohanan." Ng 1913, siya ay muling hi-

nuli (ikaanim na beses), at ipinatapon na tinatalibaan ng maraming sandatahang kawal. Ito ang huli niyang pagkakadakip at hindi na siya nakatakas, at ng siya ay muling lumaya ay ng dumating na ang Himagsikan ng Febrero.

Sa himagsikan ng mga Bolsebiki, si Stalin ay isa sa Lupon ng lima na bumalangkas at nañgulo sa pagaalsa, na laging kaulayaw ni Lenin sa pagsamsam nila, ng kapangyarihan. Mula sa 1917 hanggang 1923, si Stalin ay siyang Komisar ng mga Lahi, na nagpauna sa politika ng pagbibigay ng autonomia at kalayaan sa mga iba't ibang lahi sa loob ng Unyong Sobyet. Sa panahon ding ito, mula sa 1919 hanggang 1920, siya ang Komisar ng Pagsisiyasat Ukol sa Mga Manggagagawa at Magbubukid, at ng 1920 hanggang 1923, siya ay kagawad ng mataas na Lupon sa Digmaang Himagsikan ng Republika.

Ng panahon ng digmaang sibil, at ng interbensyon ng Inglatera, Pransya, Hapon, at Estados Unidos, si Stalin ay malaki ang pagsisilbi sa labanan. Dahil sa kanyang kabayanihan, siya ay nabigyan ng pinakamataas na palamuti ñg ipinagkakaloob ng pamahalaan. Ang mga ilang pangyayari ng mga masusungit na panahong yaon para sa Rusya ang makapag-lalarawan ng tunay na ugali ni Stalin.

Minsan isang araw sa isang labanan malapit sa Petrograd, ang mga sundalo niya ay hindi sumaludo kay Stalin. Ng tanuñgin niya ang isa nito kung bakit, ang kawal ay itinuro ang kanyang paa na ang sapin ay hindi sapatos kungdi gulanit na sandalyas na giniikan. Ang ginawa ni Stalin ay hinubad ang kanyang sapatos na balat, ay ibinigay sa kawal, at ang kanyang isinuot ay ang sandalyas na giniikan, at sa buong taglamig ay ito ang kanyang isinuot para maki-hati siya sa mga paghihirap ng kanyang mga sundalo.

Ito rin ang pahayag ni Sturo ng panahon ng digmaang sibil ng si Stalin ay siyang Tagapamahala

ng Pagkain. "Ako (si Sturo) ay nautusan na humanap ng pagkain para sa mga manggagawa ng Baku. Ako ay nakatipon ng mga trigo sa Volga, at dadalhin na sa Baku na natatalibaan ng mga sundalo. Ng lahat ay nakahanda na para isakay sa bapor, ang mga tauhan ni Stalin ay dumating at sinamsam ang mga trigo. Ipina-kita ko ang aking utos sa mga sumamsam. Ang isinagot nila ay hindi kailangan kung sino ang nagutos; ang tutoo wika nila ay kung kami ay walang idadating na mga pagkain kay Stalin sila ay babarilin: Ang mga sumamsam ay marami at kung ako ay ay magmamatigas ay mangangahulugan ng labanan. Ang Baku ay nagugutom at ang kailangan ay kausapin si Stalin.

"Ng panahong yaon si Stalin ay diktador halos ñg pagkain. Siya ay walang tinatanggap na taga labas sa kanyang tanggapan maliban sa kanyang mga utusan, ñguni't sa paraan ay nakuha ko ang makausap siya. Ng dumating ako ay para siyang isang leon na lakad ng lakad sa kanyang tanggapan na parang haula. Ipinaliwanag ko ang aking layunin, at ang mahigpit na kailangan ng pagkain ng mga manggagawa sa Baku, na tiyakang mawawala kung walang darating na pagkain. Ang lahat ñg aking pangangatuwiran ay niwalis ni Stalin sa mga ganitong pangungusap: 'Anong kaululan ang iyong sinasabi. Kung mawawala ang Baku, iyan ay walang ano man. Makukuha natin muli iyan sa loob ng ilang buwan. Kung Moscow ang mawawala, ay natapos at nawala sa atin ang lahat. Ang himagsikan ay sukat na natapos.' Ang mga trigo ay napunta sa kay Stalin at sa Moscow".

Si Stalin minsan ay naging Kalihim ni Lenin at sumunod ay naging Pangkalahatang Kalihim ng Partido Komunista. Sa simula, ang tungkuling ito ay hindi mahalaga, ñguni't sa kanyang kamay ay naging mabisang kasangkapan. Ang tanggapan niya ay siyang naging sentro ng ikinikilos ng partido sa boong Unyong Sobyet. Bi-

nigyan siya ng mabuting pagkakataon na maalaman ang mga kilos ng lapian sa lahat ng dako at ang makilala ang mga tauhan nito. Dahil sa kanyang marangal na pinagdaanan, siya ay namahal sa mga kasapi ng lapian.

Ng si Stalin ang siyang kilalang lider sa Rusya, may ilang pangkat na tagasalungat ang nagtangkang ibagsak siya, nguni't sa lahat ng tunggalian sa partido si Stalin ang lagi ng tumatanggap ng tangkilik sa malaking nakarami. Sa kasalukuyan, walang makatututol sa salita na si Stalin sa boong Unyong Sobyet ay siyang pangunahing lider, nguni't hindi sa uri ng isang diktador o ng isang makaharing pamamahala. Alam ng lahat ng mga kasama niya sa partido na kung siya ang nagkakamit ng tangkilik sa lapian ay sa dahilang si Stalin ay laging nakakabit ang tainga sa mundo ng pangkatin at nalalaman niya kung ano ang kailangan at dinaramdam ng pangkatin niya. Siya ay isang mabuting tagapagsalita ng mga diwa at hangarin ng boong bansa, na nalalaman niya sapagka't ang mga pangangailangan nito ang kanyang lagi ng inaalang, na hindi gaya ng isang diktador na ipinasusunod ang sarile niyang kagustuhan at pasya.

Kahit na mayroon ngayong mga ilang alinlangan na si Stalin ay nagiging isang konserbador, ang katotohanan ay si Stalin ay isang ganap na komunista na naniniwala sa lahat ng mga simulain at tuntunin nito. Ang ilan niyang pamamalakad na nagbibigay ng alanganin ay para pagayusin lamang ang mga simulain sa mga mapapait na katotohanan at pangyayari. Mula ng 1930, si Stalin ay kinikilala na sunod sa kay Lenin at siya ang pinaka dakilang lider ng himagsikang sosyal sa Rusya, at ang pangalan niya ay lagi ng masasama sa mga pambihirang tagumpay ng mga katayuang sosyalista na naisagawa sa Unyong Sobyet, at nagbigay sa bansang ito ng isang matayog na pangalan sa kasalukuyang kasaysayan ng daigdig.



## Ang Sosyalismo At...

(Karugtong ng nasa pahina 16)

Ang Internasyonalismo ay isang mapait na katotohanan sa ating buhay. Ang pamumuhay natin ay batbat ng kanyang mga tatak. Ngayon pa lamang ay naghahanda na tayo sa isang Kongreso Eukaristiko ng mga katoliko ng lahat ng bansa. Kamakailan lamang ay tumulak ang ilang mga manglalaro natin para lumahok sa isang paligsahang pangdaigdig sa palakasan. At sa susunod na pulong ng ating Asamblea Nacional ay paguusapan ang pagpapadala ng mga kinatawan sa isang Kapulungang Pangdaigdig ng mga Bahay-Batasan. At sa lahat ng uri ng pamumuhay ay mayroon ng kaukulang kapulungang pangdaigdig. May kongreso internasyonal ang mga siyentipiko, ang mga manggagamot, ang mga namamahala ng mga piitan, ang mga bankero at mga mangangalakal, ang mga rotario, at kung sino-sino pa. Pati ng mga boy scouts, kailan lamang, ay nagdaos ng kanilang pangdaigdig na Jamboree at gayon din ang mga batang komunista na nagkatiapon sa Unyong Sobyet. Halos lahat ng sangay ng pamumuhay ay may katipunanang pangdaigdig at ito ay naguusap ng kani-kanilang suliranin na dahil sa pagkalapit-lapit kungdi mang pagkahalo-halo ng mga bansa, ang mga suliraning ito ay hindi natatapos sa hangganan ng kanilang mga bayan.

Walang bansang nabubuhay sa kanyang sarili. Ang malakas na pagkakasulong ng mga sasakyan at pahatiran ay ginawa ang mga bansang nagkakawat-tak-watak na magkakapit-bahay lamang. Sa lahat ng sandali ikaw ay maaring makipagusp o makipagunawaan sa kabila ng mundo. Sa loob ng isang linggo, sa pamamagitan ng mga makabagong sasakyan, ay makararating ka sa Amerika at Europa. Sa larangan ng pangangalakal ay lalong malawak ang pagsasamahang matalik ng mga bansa dangan nga lamang at ito ay pinuputol ng walang katuturang digmaan ng nasyonalismo. Hindi ko na tutukuyin ng mahaba ito at ang babanggitin ko na lamang sa inyo ay sa pagkagising ko pa lamang ay uminom na ako ng kapeng galing sa Brasil, na isinalata sa Amerika, inilagay sa isang tasang yari sa Hapon, may kaulam na tinapay na ang harina ay galing sa Australia, at ang ibinahid naman mantekilya ay galing sa mga baka ng Holanda. Halos ang lahat ng aking kasu-utan sa ngayon ay galing sa ibang bansa, at sa pagsulat ko sa panayam na ito ang aking ginamit ay isang lapis na galing sa Hapon, sinulat sa mga papel at makinilyang Amerikano at pinirmahan ng isang aserong aleman. At kulang ang isang aklat kung bubulatlatin nating lahat ang pangdaigdig na pangangalakal.

Magpunta naman tayo sa sining at karunungan. Ang mga bagay na ito ay hindi pagaari ng alin pa mang bansa. Halos ang lahat ng bagong laman ng aking pagiisip ay galing sa ibang lahi. Ang siyensiya at literatura ay walang hangganan. Si Shakespeare ay hindi lamang Ingles. Si Beethoven ay hindi lamang Aleman. Si Pasteur ay hindi lamang Pranses. Ang Nolimetangere ay hindi maangkin lamang nga mga Pilipino. Ang pananampalataya ay hindi lamang para sa mga Hudyo o ng mga taga Israel. Ang himagsikan ng Pransia ay hindi lamang para sa mga Pranses. Ito ay inari ng boong mundo at ng 1896 ay inangkin ng mga Pilipino. Ang kabihasan ay para sa buong daigdig, at ang lahat ng mga bagay na iyan para ninyo maino na hindi pagaari ng alin pa mang bansa kungdi ng buong sangkatauhan, sa ngayon ay tayong lahat ang nakikinabang ng mga bunga ng karunungan at siyensiya.

Ang nasyonalismo na nagmamayabang sa mga ankin niyang kabihasan at kaugalian ay isang malaking kabaliwan. Ang nasyonalismo ay isang mabisang panglinlang lamang ng mga mayhawak ng kapangyarihan upang kasangkapan ang bayan sa kanilang mga sariling hangarin at pagiimbot.

Marami ang nagpapalagay na ang internasyonalismo ay kalaban ng nasyonalismo. Ito ay isang maling paniniwala. Kahit na tunay na sagabal sa pamamayani ng internasyonalismo ang pagmamalabis ng mga nagsasamantala sa tinatawag na nasyonalismo, ang internasyonalismo ay hindi katunggali nito, gaya baga na ang isang nayon ay kalaban ng isang bayan o ang isang bayan o lalawigan ay nakakaaway ng kanyang bansa. Ang katotohanan ay ang isang makatwiran at tumpak na nasyonalismo, na sa aking palagay ay ang makatarungang pagpapaunlad ng katutubong karunungan, kaugalian, pamumuhay at kabihasan ng isang bansa o lahi, ay doon lamang yayabong ang pagunlad sa ilalim ng isang mapagkandiling internasyonalismo, na hindi gaya ngayon na ang may nasyonalismo lamang ay ang mga bansang malalaki at malalakas at ang ginagawa pa nila ay ang ipakain ng sapilitan ang nasyonalismo nila sa mga bansang kulang palad. Ang kasaysayan ng nasyonalismo ay isang kasaysayan mahigit pa sa kabalbalan ng pananakop ng Roma, sapagkat ang batayan ng nasyonalismo ay ang pangaalipin ng ilan sa maraming bansa at mga lahi. Tingnan ninyo ang mundo ngayon, at makikitá ninyo ang mahigit na kalahati ng daigdig na binubuo ng maraming bayan at lahi ay hindi umunlad ang kanilang talino, ugali at kabihasanan dahil sa pangaalipin ng ibang bansang malalakas. Kailan lamang ay nakita ninyo ang pamamaslang ng nasyonalistang Italya sa Abisinya para dalhin daw ang kabihasan

ng sa bansang ito, at kung sa bagay ay hindi na tayo dapat tumingin pa sa ibang bansa sapagkat ang mabuting halimbawa ay ang atin na ring sarili, na ang kanyang mga katayuang pambayan, sa karunungan, sa pananampalataya, sa wika, sa pamumuhay, at halos sa lahat ng bagay, ay ibinigay ng pilit sa kanya ng kanyang mga naging panginoon.

Na ang Internasyonalismo ay hindi kaaway ng isang wastong nasyonalismo ay doon makikita sa kasalukuyang kasaysayan ng Rusya. Hindi lamang dahil sa kalawakan nito na binubuo ng maraming bayan at lahi, kungdi dahil din naman sa pamamayani ng isipang internasyonalista doon ay masasabing ito ang isang pook ng mundo na pinamamayan nihan ng internasyonalismo. At marami ang tumatawag sa Rusya na isang bansang pangdaigdig. Ng linggong ito ako ay may natanggap na bagong babasahin na nagsasabi na kahit na ang pagibig ng mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay lalong nagiiibayo dahil sa isang pambihirang kasaganaan na naghahari doon, ang diwang internasyonalismo na naghahari sa pagiisip ng bawat mamamayan ay lalo pa ring lumalaki. Sa Unyong Sobyet ang lahat ng lahing mga maliliit at mahihina ay hindi lamang husto at ganap ang kanilang kalayaan para gamitin at paunlarin ang kanilang mga katutubong paguugali, kabihasan at pamumuhay, kungdi ang mga ito ay kusang tinutulungan pa ng pamahalaan. Isang halimbawa na lamang ang babanggitin ko sa inyo na sa lahing maliliit sa Unyong Sobyet, ang kanilang mga paaralang bayan at mga aklat ay doon nasusulat sa kanilang mga wika na poong kapanahonan ng Tsar ay kusang sinisiil at inaapi.

Ngayong nasabi ko sa inyo na ang nasyonalismo ay hindi sagabal sa pagwawagi ng internasyonalismo, dapat namang banggitin ko na ang kalaban ng nasyonalismo ay nasyonalismo din. Hindi lamang sa ang mga bansa ay naglalabalan, kungdi ang mga mahihinang bansa at lahi ay kusang pinagsasamantalan ng ibang malalakas at mararahas na nasyonalismo. Ang hindi paggitaw ng ibang bansa na dapat sanang makapagbigay ng kanilang abuloy sa karunungan at kabihasan ng daigdig ay hindi maging isang katotohanan dahil sa pananaklaw ng ibang bansa na walang tama at mabuti kungdi ang sa kanila. Ang pagmamalabis ng nasyonalismo, ang bulag na paniniwala sa anking kabutihan ng kanilang kabihasan at mataas na uri ng kanilang pagkalahi ang siyang nagiging dahilan ng mataas na hangarin nito na sakupin ang buong mundo. Ang panganib na nagdaan at ang panganib na dumarating ay galing diyan sa mga ganyang pagpapanggap. Ng nagdaang digmaan, ang mga Aleman ay bulag na naniniwala na ang kultur nila ang siyang pinakamataas at pinakamahasay, na si-

la ang pling lahi ng Dios, na magbibigay ng kabihasan sa sangkatauhan, at udyok ng mga ganyang simulain ay hindi nangiming makidigma sa buong daigdig sa pamamatuog, na isang baliw na kaiser. At sa ngayon, ang mga Aleman na hindi nalilimutan ang nasyonalismong pumuksa ng milyong-milyong tao at sumalanta ng hindi mapapaniwalaang dami ng pagaari, sa pangungulo ng isang bagong baliw na Hitler ay nagbabala ng isang panibagong digmaan para bawiin daw ang lupa at lahi na nawala sa kanya ng nagdaang labanan. Ang dalawa pang bansang nahihilo sa nasyonalismo ay ang Italia at Hapon at ga huling panayam na binigkas sa atin ay ang tatlong bansang ito ang uliran ng nasyonalismo. Ang Italia ngayon ay katatapos sa kanyang pamumpksa sa Abisinia, at sa pangunguna ng isang Mussolini, ay nililinalang ang lahat ng mga Italiano sa muling pagtatayo at pagpapalaganap ng dating gloria ng Roma, at lilang araw pa lamang ang nakalilipas ng ang bagong imperio ng mga Italiano ay ipinahayag ng halimaw na ito. Dito naman sa ating tabi ay makikita natin ang Hapon, uliran rin ng pagibig sa kanyang nasyonalismo, na inukit ang Mantsuria sa Tsina, at dahil sa hayagan at patuloy na pamamaslang sa hilaga ng Tsina ay nagbabadha ng isang panibagong digmaan ng dalawang bansa sa silangan kung ang Tsina ay magkakaroon ng lakas ng loob at tuhod na sumasagasa sa halimaw na ito ng silangan. Ang tiyakang hangarin daw ng Hapon ay ang pagkakalat ng mga simulain ng imperio sa patuluyang pagwawagi niya sa mahigit na 2000 taon. Ang tatlong bansang ito na mararahas sa kanilang pagibig at paniniwala sa sarili nilang kabihasan at diwa ay siyang panganyab sa mundo, na naghahasik ng lagim sa puso at panimdim ng buong sangkatauhan, sapagkat ang lahat ay may palagay na ang susunod na digmaan ay sila ang tiyak na pagbubuhatan.

Ang tutukin ko ngayon ay ang kilusang tiyakang nagsasabalikat na ang mithing pangdaigdig ay maging isang tunay na saligan ng pagsasamahan ng lahat ng mga lahi at bansa. Nabanggit ko sa unahan na marami ang kapulungang pangdaigdig ng mga bahagi ng pamumuhay ng tao, at sa bawat bansa ay may mga samahang natatatag na ang mga layunin ay labanan ang ano pa mang uri ng digmaan ng mga bansa, at ang pagtatayo ng isang pamahalaang pangdaigdig, ngunit ang karamihan dito ay mga laway lamang o kung hindi ay napakaliit ang ikinikilos para makatawag ng pansin sa labas ng bansang kinatatayuan. Sa unang bahagi ng artikulong ito ay kusang hindi ko tinukoy ang Internasyonal ng mga manggagawa sapagkat ito ay siya kong panghuli dahil sa kanyang kahalagahan. Ang kilusang tiyakang nagsasabalikat ng pantay

ng pantay na pagsasamahan ng lahat ng tao at ng lahat ng lahi, na ang simulain ay yari sa palihan ng internasyonalismo ay ang kilusan ng mga anak-pawis na kilala sa tawag na "Sosyalismo." Buhat ng sulatin nina Karlós Marx at Engels ang Manipesto Komunista ng 1848 na matinding na nanawagan ng pagkakaisa sa lahat ng manggagawa sa sangsinukob, ang kilusang anak-pawis na salig sa sosyalismo siyentipiko ay isang kilusang hindi kumikilala sa guhit ng mga bansa. Ang sosyalismo ay isang pangdaigdig na kilusan. Ang lahat ng lapiang nagbandila ng sosyalismo ay salig sa iisang simulain na binalangkas ng isang guro, at ang pangkating sosyalista sa Alemanya, sa Pransia at sa Pilipinas kung nagkakaroon man ng pagkakaisa sa mga taktika at pamamaraan, ay nagkakaisa sa kanilang mga batayan at hangrin, sapagkat hindi lamang iisa ang kanilang simulain kungdi ang lahat ng mga ito ay mayroong pagkakaunawaan sa kanilang katipunang pangdaigdig. At pati ng kanilang himno o martsa para maino ninyo ang kanilang diwang pangdaigdig ay may pamagat ding "Internasyonal" at gayon din ang pamagat ng katipunang pangdaigdig.

Ang kauna-unahang Internasyonal ng kilusang manggagawa ay naganap sa Londres ng 1864, na ang patakaran at palatuntunan din nito ay sinulat ni Marx. Ito ay tumagal hanggang 1876. Ang ikalawang samahang pangdaigdig ng mga lapiang sosyalista, na kilala sa taguring Ikalawang Internasyonal ay natayo ng 1889 at sinalanta ng digmaang pangdaigdig sapagka't natañgay ng malakas na alon ng nasyonalismo noon. Matapos ang digmaan, ang mga radikal na nagbigho sa mga pamamaraan ng Ikalawang Internasyonal ay nagtayo ng 1919 ng ikatlong katipunan na may pamagat na Ikatlong Internasyonal, o Komunista Internasyonal, o komintern. Ang tanggapan nito ay na sa Moscow, Unyong Sobyet, at natatag sa artyaya ng Partido Komunista sa Rusya.

Iyan ang mga katipunang pangdaigdig ng kilusang manggagawa na ang simulain ay hindi lamang sosyalismo siyentipiko kungdi internasyonal. Sa lahat ng kanilang mga pagtitipon, lagi nilang inihayag ang paghaban nila sa digmaan, ang pagboto ng laban sa mga paglalaan ng salapi para sa mga kawal at depensa nasional, ang pagtatayo ng mga hukumang pangdaigdig na siyang lilitis sa mga usapin ng mga bansa, ang pagaalis ng lahat ng mga kawal ng mga bansa, at ang tanang mamayan ay ang siyang magkaroon ng karapatan sa pagpapasya sa mga suliranin ng digmaan at kapayapaan. At kung hindi inabutan ng digmaan ay paguusapan sana sa Vienna ang balak ng paghahayag ng isang aklasan pangkalahatan kung ang bansa ay nagbabala ng isang digmaan.

Ang ikatlong internasyonal o ang Ko-

## Ang Mga Bagong...

(Karugtong ng nasa pahina 17)  
bansa, ang mga walang bayad na mga pagamutan, at isang paglalaan ng maraming mga lugal sa pagpapaligi ng katawan ng mga manggagawa.

Art. 121: Ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatan sa pagaaral. Ang karapatan ito ay nasisasakaturap ng isang pangkalahatang at sapilitang pagpapaaral sa mga unang baitang ng paaralan (elementary education) na walang ano mang bayad, kagaya rin ng mga matataas na mga paaralan, sa pamamagitan ng mga pensiyong gawad ng pamahalaan sa karamihan ng mga estudyante sa matataas na paaralan, pagtuturo sa mga paaralan sa kani-kanilang sariling wika, at pagtatayo ng mga walang bayad na mga paaralan sa industriya, teknika at sa pagsasaka para sa mga manggagawa sa mga pabrika, bukid-pamahalaan, himpilan ng mga makina at tractora at mga sakahing tuwangan (collective farms).

Art. 122: Ang mga babai sa Unyong Sobyet ay binibigyan ng pare-parehong karapatan gaya ng sa mga lalaki sa lahat ng larangan ng pamumuhay maging pang pamahalaan, pang kultura, pang sosyal at pang politika.

Ang pagbibigay bisa sa mga karapatang ito ng mga babai ay isasagawa sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga trabaho sa kanila, gaya ng mga lalaki, pagbabayad sa kanilang mga trabaho, at paggawad ng pagpapahingalay, tangkilik sa pag-alis sa trabaho at pag-aaral, tangkilik sa kapakinabangan ng mga inang nanganganak at sanggol nito na nagtatadhana ng bayad para sa mga inang nagbubuntis, at ang pagtataan ng maraming bahay-anakan, andukhaan ng mga sanggol at paaralan ng mga batang bago pa lamang nagkakaisip (kindergartens).

(Nasa pahina 26 ang karugtong)

mintern ay mayroong tayong kamuntik na kaalaman. Ang mga nagtayo nito ay sila Lenin at Trotsky, at siyang nagpapagalaw sa lahat ng pangkating komunista sa daigdig. Ang lapiang sa Pilipinas ay balangay ng Comintern. Hindi ko na dapat pang banggitin ang lakas ng kanilang simulain, ang kalawakan ng kanyang pananagumpay, sapagkat ang Unyong Sobyet na sumasakop ng ikaanim na bahagi ng buong daigdig ay pinamamayanihan ng simulaing nito. At gaya ng nasabi ko na sa inyo, sa bayang ito ay dito lamang makikita natin ang pamamayani ng isang pagkapatiran at mabuting pagsasamahang ng lahat ng uri ng tao at lahi, isang makatarungang nasyonalismo sa ilalim ng isang mithing pangdaigdig na nagpapayabong at nagpapaulad sa katutubong pag-uugali, kabihasanan at pamumuhay ng hindi kakamuntik na mga lahi at bayan sa loob ng Unyong Sobyet.

Art. 123: Ang pagkakapantay ng mga karapatan ng mga mamamayan sa Unyong Sobyet, na walang pagtingin sa kanilang lahi o balat, at sa lahat ng larangan ng pamumuhay, maging pamahalaan, pangkultura, pangsosyal, at pangpolitika, ay isang batas na walang pasubali.

Art. 124: Para mabigyan ang mga mamamayan ng Unyong Sobyet ng kalayaan sa budhi, ang simbahan sa Unyong Sobyet ay inihihwalay sa pamahalaan, at ang mga paaralan, sa simbahan. Ang kalayaan sa pagtatanghal ng ano mang seremonya ng relihion at gayon din ang kalayaan ng pamamahayag laban sa relihion ay kinikilala para sa lahat ng mamamayan.

Art. 125: Sangayon sa mga pangangailangan ng mga anak-pawis, para patibayin ang mga katayuang sosyalista sa Unyong Sobyet, ang mga mamamayan ay binibigyan:

- a) Kalayaan sa pananalita;
- b) Kalayaan ng pahayagan;
- c) Kalayaan sa mga pagtitipon at pagpupulong;
- d) Kalayaan sa pamamahayag at mga parada o prusisyon.

Ang mga karapatang ito ay pinanangutan sa pamamagitan ng paglalagay sa dispusisyon ng mga manggagawa at ng kanilang mga kilusan, ang mga limbagan, mga papel, mga gusaling pangbayan, mga daan, mga kagamitan ng pahatiran, at iba pang kasangkapan para maisakatuparan ang karapatang ito.

Art. 126: Sangayon sa mga pangangailangan ng mga manggagawa at para paunlarin ang kilusang pangbayan at kamulatan ng mga manggagawa, ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatang sumama sa mga samahan at kilusang pambayan x x x x

Art. 127: Ang mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay may karapatan na huwag malapastangan ang kanyang pagkatao. Ang sino man ay hindi maaaring dakpin maliban sa pasya ng isang hukuman o sa kaphintulutan ng piskal.

Art. 128: Ang mga tahanan ng mga mamamayan sa Unyong Sobyet ay hindi maaaring malapastangan, at ang lihim ng mga sulat ay ipinagsasanggalang ng batas.

Bukod sa mga ito, ay itinatadhana din ng Saligang Batas na ang karapatang paghalal ay pangkalahatan (universal) sa lahat ng mga mamamayan na may 18 taon ang gulang at hihigit, at may karapatang mahalal din, maliban na laman ang mga nasiraan ng bait o sa pasya ng hukuman ay nawala ang karapatan nilang ito. Ang paghalal at mahalal ay hindi tumitingin sa lahi, balat, relihion, katalinuhan, tirahan, ang pinagmulan niyang uri o lipi, ang kanyang pag-aari o yaman, at ang mga nagdaan niyang mga gawain o kilos. Ang mga babai ay may karapatan na kapantay ng mga lalaki na humalal at mahalal, at

### Nakita Ko Ang ... (Karugtong ng nasa pahina 19)

nagmamalaki kong sabihing ako ay hindi nakakita sa alin pa mang bansa sa Europa o Amerika ng mga batang kasinglusog at sisigla ng mga batang aking nakita sa Rusya. Samantalang ang mga estadistikang aking natunghayan sa Amerika ay nagpapatotoo na sa siyudad ng Nueva York ay libolibo ang mga batang payat at masasakitin dahil sa kakulangan ng makain, at sa gayo'y sila ay hindi makapag-aral na mabuti, ang mga batang Ruso ay siyang pinakamahusay ang pagaalaga at saganang saganang sa mabubuting pagkain. Ang mga batang iyan ay siyang pinaglalagakan nang pagkakandili at pag-asa ng pithaya at hangarin ng bagong pamamaraang isinasagawa sa Rusya.

Ang napakagaling ng mga aklatang-bayan ay matatagpuan ngayon sa Rusya. Walang bayan sa sangdaigdig na nagkaroon ng pagkasabik at pagkauhaw sa drama, tugtugin at sayaw gaya ng bayang Rusya.

Di natin maikakait na ang salitang "propaganda" sa Amerika ay makamandag. Ito ay hindi nangyayari sa Rusya na ang mga lider na komunistá ay natatawa sa ating pagkathapaniwalain. Hindi nila ikinahihiya ang kanilang propaganda. Talagang gumagawa sila ng propaganda, mga propaganda, upang ituro sa kabataan na ang Rusya ay kanila, na ang paggawa ay marangal, na ang kasakiman ay nakapipinsala, na ang karangalan ay para doon sa gumagawa at hindi namamana, na ang kagalingan ay naroroon sa paglilingkod sa mga kasama. Nguni't tayo'y tumutugon. Hindi ba iniaaral natin sa ating kabataan na ang lahat ay mayroong pagkakataon na maging

ang mga sundalo ng Kawal na Pulahan ay may gayon ding karapatan.

Itinatakdá rin na ang lahat ng mga kinatawang inihalal ng mga mamamayan ay may tungkulin na magbigay ng ulat hinggil sa kanyang mga ginawa, at kahit anong oras ay maaaring alisin sa paraang itipatakda ng batas at sa pasya ng nakararami ng sa kanya ay paghalal.

Pang-ulo ng Amerika o maging milyonaryo? Hindi ba iniaaral natin sa ating mga anak na ang kasakiman ay taglay ng ating pagkatao, na ang napakadakilang kagalingan ay ang magpakayaman, na ang pagyukod sa panginoon ay siyang landas tungo sa tagumpay? Nguni't kung kanilang makita sa huling araw na ang kayamanan ay hindi maaaring marating at sila ay mapalad nang makakita ng magagawa, noon lamang natin maaalalang sila ay ating iniligaw. Ang dalawang paraang iyan ng pagtuturo ay parehong propaganda.

Bilang isang magiliwin sa kapayapaan, ako ay nanood na may pitong oras sa Moskow ng pamamahayag na ginanap ng unang araw ng Mayo at aking nasaksihan ang walang kasing-kapal na hanay ng mga sundalo at ang kanilang paglalantad ng kanilang nakahahangang mga kagamitan, mula sa kanilang mga asong Eskimo hanggang sa kanilang mga tangke at aeroplano—isang pamamahayag na masasabi kong napakapula at napakasigla. Nabasa ko ang sumpa ng napatatalang sundalo para sa hukbo at doo'y kanyang ipinangangakong ipagsasanggalang ang Rusya ng kanyang buhay. Nasaksihan ko ang di mabilang na bandilang pula at ang kumukutong tao na nag-aawitan, at ng mga sandaling yao'y ako ay nag-atubili sa aking palagay na doon ay mayroong hinggoismo, na aluluwang baga'y ang mga taong yaon ay magpapakamatay sa pagtuklas ng mga pamilihan para sa kanilang mayamang panginoon. Gayon mang ako ay makakapayapaan, nanalig akong ang buong layunin ng paghahanda sa laban ng mga Ruso ay upang pangatawanang ipagsanggalang ang kanilang itinatatag na kabuhayan, na nagbibigay sa kanila ng kasaganaan sa pagkain, hanapbuhay at pag-asa.

Iyan ang di mga pangbihirang kaluwagan na natatamo sa Rusya, nguni't iya'y mga ganting-palang bunga ng naipagtagumpay. Ang sino mang makapaglingkod ng mataman sa pabrika, sa bukid, sa paggamutan, ay pinagkakalooban ng

## JOSEPH STALIN...

(Continued from page 14)

population of 200,000, with 75,000 workers. Grain was collected at the mouth of the river Volga to be distributed all over Russia. I carried my own armed force. After months of desperate work we had 300,000 poods of wheat. Then I had to get boats to ship it to Baku. All was arranged and I was happy, when officers of Stalin's men said, 'It makes no difference what orders you have. If we do not get grain and go back to Stalin with empty hands we shall be shot.' These men had a larger fighting force, and I realized that it would either mean a terrible fight or else surrender. Baku was starving. I decided to appeal personally to Stalin.

"At that time Stalin was virtually a dictator in the matter of securing grain. He almost never received anyone in his room except his lieutenants. He was like a lion in his cage, always pacing up and down. In spite of everything, I managed to get to him and plead for Baku. Stalin brushed the plea aside with the statement, 'What nonsense you are talking. If we lose Baku, it is nothing. We will take it again inside of a few months or a year at the most. If we lose Moscow, we lost everything. Then the revolution is ended.' The grain went to Stalin and Moscow."

Perhaps the most striking military achievement of Stalin was his defense

tanging upuan sa mga tanghalan ng mga dula o nang sariling pitak sa mga pahayagan, o ng kaunting taas sa kanilang sahod, o nang tanging kagaanan sa paglalakbay, at kung minsan, ng isang automobil at halaga ng sa kanya ay paggamit.

Marami pa sana akong dapat na sabihin, nguni't ito ang aking panghuling wikang masasabi: Ang aking pagkakadalaw sa Rusya ay nakapagbigay sigla sa aking pananalig sa kakayahan ng mga tao, sa kanilang mga hangarin at walang likat na pagsusumakit na nagbunga ng mainam at malulusog na mga balak na maaari nilang isagawa sa pagtutuwangan. Iya'y nakapagpatibay pa sa aking pananalig sa magandang maibubunga ng demokrasya na nababatay sa bagong paraan ng karunungan.

of the town of Tsaritsin, on the lower Volga, against the attacks of the anti-Bolshevist forces. The city has since been rechristened Stalingrad in his honor.

For a time Stalin worked as secretary to Lenin, then later he became General Secretary of the Communist Party. Previously this position had never been considered of central strategic importance, being rather a routine job, consisting of such formal and technical duties as preparing circular letters for the party organizations and outlining programs passed by the Central Committee. Stalin now made it the direct nerve center of the party. It gave him the chance to send out political workers throughout Russia, and to learn from the inside the methods of political organization. His previous heroic work made every one recognize his authority.

Stalin to-day is a man of medium height, erect, well built, with a heavy black mustache, thick hair, dark penetrating eyes and a handsome face. His speech is characteristic of the man, blunt and direct; he does not attempt to hide his meaning. On the other hand, as with so many key politicians, he does not place himself in the spotlight, although in 1930 he has assumed public leadership as never before. Stalin never acted as if the revolution were the opportunity for him to parade his genius. He is not an inspired orator or a brilliant writer, but is a man of iron will, extraordinary energy and an utter lack of fear. There is little question that he is extraordinary skilful and adroit in party politics.

It would be easy to magnify the role which Stalin is now playing. He is easily the most important man in Russia to-day, but the entire theory of Communist tactics is that the individual is nothing, the party is everything. Stalin rules because he has his ear close to the ground and knows what the rank and file of the party want. He has an extraordinary knack of keeping in touch with the changing moods of the common people, especially of the peasants. We have already mentioned the fact that long before he took the reins of power he inaugurated the policy of cultural autonomy for subject nationalities. Stalin insisted that, in contradiction to the policy of the Czar, every subject group could study in their own dialect or language and could have full power to print books and newspapers in their own tongue. In 1924 he insisted on democracy in the villages. He sensed the desire of the peasants for more economic liberty, and was instrumental in passing a law, against party opposition, giving the



### NAKIKIDALAMHATI ANG "SOSYALISMO NGAYON" AT ANG KUSP SA PAG- YAO NG KAIBIGANG SUSANO GONZALES

Sa isang kapasyahan na pinagtibay ng Lupong Tagapagpaganap ng Mga Kaibigan ng Unyong Sobyet sa Pilipinas, ito ay taos na nakikidalamhati sa madaling pagyao ng Kaibigan Susano Gonzales, na sumakabilang buhay noong ika 23 ng Hulio, 1936, sa kanyang tahanan bilang 424 J. Zamora, Pako.

Ang Kaibigan Susano Gonzales ng siya ay nabubuhay pa ay isa sa mga lalong masusugid at masipag na kasapi ng samahan, isang tapat at marangal na kaibigan ng Unyong Sobyet, at isa sa tagapagtanggol ng mga pambihirang kabuhayan at mga simula ng nasabing bansa.

Ang Pahayagang ito at ang Samahang nagpapalabas dito ay nakikidalamhati sa kanyang mga anak at asawang naulila sa pagkawala ng isang kaibigan tapat at dakila.

peasant greater freedom in hiring help.

Stalin is a genuine believer in Communist principles; in spite of all that has been said about his conservatism, he has merely tried to harmonize practice with realities. By 1930 he has come to be recognized as the key figure in present-day Communism and it is now fairly settled that history will rank him, next to Lenin, the outstanding leader in the Russian Revolution. (Adapted from Contemporary Social Movements, by J. Davis).

# DO YOU WANT TO ENJOY A FREE TRIP TO THE SOVIET UNION?

ANG PAHAYAGANG ITO AY NAGDARAOS NG ISANG PALIGSAHAN SA PAGPAPARAMI NG MAMBABASA BUHAT PA NOONG IKA UNANG ARAW NG MAYO AT MAGTATAPOS SA HULING ARAW NG SEPTIEMBRE, 1936.

## Ang Patakaran ng Paligsahan

1. Ang sino man ay makasali sa paligsahang ito.
2. Ang bawat mambabasa na makuha ng kasali sa paligsahang ito ay magkakaroon ng isang bilang, ang sa kalahating taon ay kalahating bilang, at ang sa tatlong buwan ay ikaapat na bahagi ng isang bilang.
3. Ang sino mang kasali na makakuha ng pinakamalaking bilang ng mga mambabasa sa pahayagang ito ay siyang pagkalooban ng UNANG ganting-pala, na makapaglakbay ng walang bayad sa Unyong Sobyet; ang pangalawang ganting-pala ay pagkalooban ng halagang P30.00, at may tatlong Pangatlong ganting-pala na bawat isa ay P10.00.
4. Ang sino mang may nais na sumali sa paligsahang ito ay kailangan munang magharap ng isang Kahilingan sa Pagsali, o magpahayag kaya ng isang malirang na hangarin niyang sumali sa paligsahan.
5. Bawat kasali sa paligsahang ito ay may karapatang tumanggap ng komisyon o pabuya na peseta sa bawat piso (20%) sa lahat ng kanyang nailak, ukol sa mga mambabasa niyang nakuha o naipatala.
6. Ang magtagumpay sa paligsahang ito ay patungo sa Unyong Sobyet sa dagling matapos ang paligsahan para siya ay magkaroon ng panahon na makadalo sa isang malaki at magarang pagdiriwang ng Ika-Labing-Siyam na Taon ng Kuwawagan ng Himagsikan sa Rusya, ika 7 ng Nobiyembre, 1936.
7. Ang mga Patnugot ng pahayagang ito ay may karapatang huwag ipagkaloob ang Unang Ganting Pala na makapaglakbay ng walang bayad sa Unyong Sobyet kung ang nagtagumpay ay hindi nakakuha o nakapagpatala ng hindi kukulangin sa 100 bilang ng mambabasa, o ang kabuuan ng mga bilang ng mambabasa sa paligsahang ito ay hindi umabot sa 800.

IPADALA ANG KUPONG ITO

SOCIALISM TODAY IS CONDUCTING A SUBSCRIPTION CONTEST WHICH WILL LAST FROM MAY 1 TO SEPT. 30, 1936.

## Rules of the Contest

1. Any person may enter this contest.
2. Any subscription for one year scores one point; a half-year subscription, one-half point; and a subscription for a quarter year, a proportionate reduction.
3. The contestant obtaining the greatest number of paid subscriptions will be given the first prize consisting of a free trip to the Soviet Union; the second prize is a cash award of P30.00, and there are three third prizes consisting of P10.00 each.
4. Any entry in this contest should first file an application or should signify in unmistakable terms his intention to join the contest.
5. Every participant in the contest, for all subscriptions he secured, shall be entitled to a commission of 20% on his collections.
6. The winner will leave immediately after the contest so as to be in time to attend the grand celebration of the XIXth anniversary of the Russian Revolution, on Nov. 7 1936.
7. The Editors of Socialism Today reserve the right not to award the first prize, consisting of a free trip to the Soviet Union, in case the winning contestant did not secure at least 100 paid subscriptions or the total goal attained by this contest does not reach 800 paid subscriptions.

SEND THIS COUPON

SOCIALISM TODAY  
P. O. Box 885, Manila

I wish to subscribe to SOCIALISM TODAY, price P1.00 a year and P0.55 for six months. Enclosed please find the sum of P.....

Name ..... Address .....  
Town ..... Province ..... Entered by .....  
Signature .....

....., 193...